Republic of the Philippines
CIVIL SERVICE COMMISSION
*Para sa taum BAYAN*

Patalastas Bilang. 30, s. 2014

# PATALASTAS

**SA** : **LAHAT NG PINUNO NG MGA INSTITUSYONG KONSTITUSYONAL, MGA KAGAWARAN AT AHENSIYA SA PAMAHALAANG PAMBANSA AT LOKAL, MGA KORPORASYONG PAG-AARI AT KONTROLADO NG PAMAHALAAN, AT PAMAHALAANG PAMANTASAN AT KOLEHIYO**

**PAKSA** : **Pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2014 sa ika-1 hanggang ika-31 ng Agosto 2014**

Alinsunod sa itinakda ng Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang mangunguna sa pagdiriwang ng "Buwan ng Wikang Pambansa," idinaraos tuwing 1-31 Agosto. Ang paksang-diwa ng pagdiriwang sa taong ito ay "Wika ng Pagkakaisa".

Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997;

b. Magamit ang wika sa pamamagitan ng pagsasalin bilang instrumento sa wika ng kapayapaan; at

c. Maipakita ang kahalagahan ng wikang higit na nauunawaan ng nakararami para sa pambansang pagkakaisa.

Malugod na hinihikayat ang suporta at pakikilahok ng mga kinauukulan sa mga gawain at programa kaugnay ng pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa.

Para sa karagdagang detalye at/o iba pang katanungan makipag-ugnay sa Sangay ng Edukasyon at Networking ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), 2/F Watson Bldg. 1610 J.P. Laurel Street, San Miguel, Manila o tumawag sa Telepono Blg. (02) 736-25-19.

**FRANCISCO T. DUQUE III, MD, MSc**
Tagapangulo

MAY 30 2014